Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 99-079

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI, NA PUMASOK SA KASUNDUAN SA KONTRATISTA NA MAARING PUMAKYAW SA PAGHAHAKOT NG PANAMBAK (FILLING MATERIALS) NA KUKUNIN SA FILINVEST CORPORATE CITY O ALINMANG LUGAR NA HINUHUKAY (EXCAVATION) SA NASASAKUPAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ILALAGAY SA BAKANTENG LOTE NG PAMAHALAANG LUNGSOD SA BARANGAY TUNASAN AT IBANG MABABABANG LUGAR SA IBAT-IBANG BARANGAY, NA ANG PONDO AY KUKUNIN SA PINAGTIBAY NA BADYET NG TAONG 1999 SA CAPITAL OUTLAY NG INFRASTRUCTURE FUND.

* * * * * * * * * * * *

Ipinanukala ni: **Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
Kon. Aldrin L. San Pedro
Kon. Raul R. Corro
Kon. Bal Niefes
Kon. Nicanor L. Echavez, MD
Kon. Victor L. Ulanday
Kon. Dante S. Almario
Kon. Elmer S. Espeleta
Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kon. Lucio B. Constantino
Kon. Mario E. Bulay, Jr.
Kon. Artemio A. Simundac
Kon. Allan Rey A. Camilon

* * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ay mayroong lote sa Barangay Tunasan at iba pang barangay na may kababaan na nangangailangang tambakan upang magamit na lugar na mapapaglagyan ng ibat-ibang lingkurang panlipunan;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan, ang **ASIAN HOSPITAL** ay nagsisimula na ng paghuhukay (excavation) sa lote na pagtatayuan ng gusali na matatagpuan sa Filinvest Corporate City, Barangay Alabang;

SAPAGKAT, ang klase ng lupa na nahuhukay sa nasabing lugar ay mahusay na panambak (filling materials) at maaaring gamitin sa kalaparan ng lupang pag-aari ng Pamahalaang Lungsod sa Barangay Tunasan;

SAPAGKAT, tinataya na sa loob lamang ng apatnapu't-limang (45), ang proyektong paghuhukay ay maaari ng matapos at ang lupa na nakukuha rito ay mabilis na naubos;

SAPAGKAT, ang lupang panambak ay libreng ipinahahakot ng kontratista na naghuhukay sa mga "hauler" na kumukuha dito;

SAPAGKAT, upang ang Pamahalaang Lungsod ay makabahagi at makakuha ng libreng panambak, kinakailangan ang agarang pagkuha ng **"hauler"** na maaaring pumakyaw ng paghahakot (hauling) at paglalatag (spreading) ng lupang itatambak;

SAPAGKAT, marami pa ring lugar sa nasasakop ng lungsod ang uumpisahan ng hukayin upang pagtayuan ng malalaking gusali.

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ay may nakalaang pondo sa pinagtibay na badyet ng taong 1999 sa Capital Outlay-Infrastructure Fund na maaaring pagkunan ng ibabayad sa makukuhang "hauler";

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Mggl. Jaime R. Fresnedi na pumasok sa kasunduan sa kontratista na maaaring pumakyaw sa paghahakot ng panambak (filling materials) na kukunin sa Filinvest Corporate City o alinmang lugar na hinuhukay (excavation) sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa at ilalagay sa bakanteng lote ng Pamahalaang Lungsod sa Barangay Tunasan at ibang mababababang lugar sa ibat-ibang barangay, na ang pondo ay kukunin sa pinagtibay na badyet ng taong 1999 sa ***Capital Outlay ng Infrastructure Fund.***

PINAGPASIYAHAN, ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **24 Marso 1999,** sa ginanap na ika-**32** Regular na Sesyon.

SINANG-AYUNAN:

ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

VICTOR L. ULANDAY
Konsehal

Mggl. RAUL R. CORRO
Konsehal

DANTE S. ALMARIO
Konsehal

Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

ELMER S. ESPELETA
Konsehal

BAL NIEFES
Konsehal

REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

Dr. NICANOR L. ECHAVEZ
Konsehal

LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

MARIO E. BULAY, JR.
Konsehal

ALLAN REY A. CAMILON
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

ARTEMIO A. SIMUNDAC
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punongbarangay

LIBAN:

***Mggl.* JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

PINATOTOTOHANAN, ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panlungsod na ito.

NECITO M. GUICO
Kalihim
SANGGUNIANG PANLUNGSOD

PINATUNAYAN:

VICENTE Y. CHUA
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Punonglungsod
Petsa: _____

Norie